

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nase-secure ng Lungsod ng Brampton ang bagong ekspansyon sa ospital at bagong mga oportunidad sa health care matapos ang sekondaryang pag-aaral sa 2021 Badyet ng Lalawigan

BRAMPTON, ON (Marso 24, 2021) – Tinatanggap ng Lungsod ng Brampton ang anunsyo sa badyet sa araw na ito mula sa pamahalaan ng Lalawigan para sa ekspansyon ng panustos sa bagong wing ng William Osler Health System’s Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness at pinansyal na suporta para sa pagdeblop ng bagong institusyon ng medikal na edukasyon sa Brampton sa pakikipagtulungan sa Ryerson University.

Ekspansyon sa Peel Memorial Hospital

Ang badyet ng Lalawigan ay susuporta sa paglikha ng bagong inpatient wing sa William Osler Health System’s Peel Memorial. Ang pagbibigay ng buhay sa Peel Phase II ay makakatulong sa Osler na madagdagan ang mga serbisyo sa acute care sa Brampton Civic Hospital, dinagdagan ang kapasidad para sa 90-100 kama ng ospital pagkakumpleto.

Ang panukala ng Osler ay humihiling din ng pag-apruba para palakihin ang Urgent Care Centre sa Peel Memorial hanggang sa 24/7 na operation, na magdadagdag ng kapasidad para sa komunidad. Kinabibilangan din ito ng muling pagtatalaga sa Urgent Care Centre bilang isang Emergency Department, na maaaring magsimula nang maaga sa pagkakumpleto ng Peel Phase II.

Noong Enero 22, 2020, idineklara ng Lungsod ng Brampton ang emergency sa pangangalagang pangkalusugan at inilunsad ang kampanya sa adbokasiya nito, ang “Fair Deal for Brampton” – humihingi ng bagong pondo mula sa Lalawigan para bigyang ng tulay ang puwang sa pangangalagang pangkalusugan sa Brampton; kabilang ang pagkumpleto sa Phase II ng Peel Memorial (24/7 Emergency Department at karagdagang mga kama) at pangatlong pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan sa Brampton.

Bagong Edukasyon Matapos ang Sekondarya at mga Pagkakataon sa Pagsasanay sa Skill

Malugod na tinatanggap ng Lungsod ang ekspansyon ng mga oportunidad matapos ang sekondarya, kabilang ang isang mdikal na institute sa Ryerson University. Ang anunsyo na ito at ang pagpapalaki sa Peel Memorial ay nakakatulong sa pagtugon sa emergency sa pangangalagang pangkalusugan sa Brampton at magtitiyak na ang susunod na henerasyon ng mga health care practitioner ay pwedeng magsanay nang local sa lungsod.

Ang anunsyo ng Lalawigan sa araw na ito ay naaayon sa inaasam ng Konseho ng Lungsod na isang Brampton University at trabahong nakumpleto hanggang ngayon sa pagbibigay ng kumpletong unibersidad sa Brampton.

Bagong Paaralan at mga Espasyo sa Pangangalaga sa Bata

Ang badyet ng Lalawigan ay nagbibigay rin ng bagong Ingles na paaralang elementarya sa Brampton na naglilingkod sa 850 estudyante at kasama ang sentro ng pangangalaga sa bata na may 73 lisensyadong espasyo sa pangangalaga sa bata.

Adbokasiya sa Badyet

Nagpresenta ang Lungsod ng Brampton sa Lalawigan ng pormal na pagsumite sa 2021 badyet sa Pebrero na nagtataguyod para sa mga mahalagang prayoridad, kabilang ang: pangangalagang pangkalusugan, transportasyon, imprastraktura at mga oportunidad sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya.

Bago ang badyet sa araw na ito, tinanggap ng Lungsod ang anunsyo ng \$15M na karagdagang panustos para suportahan ang transit system ng munisipyo bilang pagtugon sa mga pinansyal na epekto ng pandemya ng COVID-19. Ang nilakihang panustos sa pamamagitan ng Kasunduan sa Ligtas na Muling Pagsisimula hanggang sa dulo ng 2021 ay isang positibong balita, at isang bagay na itinaguyod ng Brampton sa pamamagitan ng pagsumite ng 2021 badyet ng Lungsod. Nakatanggap din ang Lungsod ng \$14.6M bilang bahagi ng anunsyo na \$500M para makatulong sa mga munisipalidad na tugunan ang nagpapatuloy na mga gastos sa pagharap sa COVID-19.

Mga Quote

“Ang panustos mula sa ating mga partner sa Lalawigan ay napakahalaga sa pagbangon ng Brampton mula sa pandemya ng COVID-19 at nagpapasalamat tayo sa anunsyo sa araw na ito tungkol sa ikalawang ospital sa pamamagitan ng Phase II ng Peel Memorial at ang pag-debelop ng bagong institute ng medikal na edukasyon sa downtown Brampton. Pinatindi ng pandemya ng COVID-19 ang napakahalagang pangangailangan ng Brampton para sa napapanahon at patas na panustos sa pangangalagang pangkalusugan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isa sa mabilis na lumalaki at pinakabatang mga lungsod ng Canada, ang pagpapalawak sa mga oportunidad matapos ang sekondarya para sa ating kabataan at ang pagtugon sa puwang sa panustos sa pangangalagang pangkalusugan ay mahalagang mga prayoridad. Aktibong pinasulong ng staff ng Lungsod ang adbokasiya ng Konseho para ma-secure ang anunsyo sa araw na ito sa Phase II ng Peel Memorial Hospital at karagdagang mga oportunidad matapos ang sekondarya sa pamamagitan ng bagong medikal na paaralan. Committed tayo sa pagtiyak na ang kalusugan at kabutihan, at ang mga oportunidad sa edukasyon ay matupad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ito ay isang magandang balita para sa Osler at sa komunidad, at pinapasalamatan namin ang Pamahalaan ng Ontario kasama ang lokal na napiling mga opisyal, mga miyembro ng komunidad at ibang mga tagasuporta para gawing prayoridad ang pangangalagang pangkalusugan at ang pagpapalaki ng ospital. Ang patuloy na pagplano para sa pagpapalaki ng ating Peel Memorial site ay magpapaabante sa atin sa paglikha ng karagdagang kapasidad ng ospital para makakatugon sa mga pangangailangan ng mabilis na lumalaking rehiyon, at naaayon sa natatanging pangangalaga na ibinibigay na sa Peel Memorial Centre for Integrated Health and Wellness ng Osler.”

- *Dr. Naveed Mohammad, Presidente at Pinunong Ehekutibong Opisyal, William Osler Health System*

“Excited ang Ryerson sa anunsyo sa araw na ito sa Badyet ng Ontario na nangangako sa pagdebelop ng bagong institute ng medikal na edukasyon sa Brampton at sa ekspansyon ng lokal na sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Brampton. Inaasahan natin na makikipagtulungan sa Lungsod para dagdagan ang ating mga alok pagkatapos ng sekondarya at maghahatid ng de kalidad na edukasyon para sa susunod na henerasyon.”

- *Dr. Mohamed Lachemi, Presidente at Vice-Chancellor, Ryerson University*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na



Media Release

Igtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Gurvinder Singh
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-2028 | Gurvinder.A.Singh@brampton.ca